BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# MEDIA ADVISORY

baaqmd.gov

**PETSA:** Oktubre 7, 2024
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Distrito ng Hangin, magho-host ng pampublikong meeting sa aplikasyon para sa permit ng Radius Recycling

**SAN FRANCISCO –** Magho-host ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng session ng pampublikong meeting sa **Martes, Oktubre 10,** kaugnay ng aplikasyon para sa permit na inihain ng Radius Recycling, na dating Schnitzer Steel Products Company. Iniimbitahan ang mga miyembro ng publiko na pumunta para matuto at magkomento tungkol sa aplikasyong ito para sa permit.

**ANO:** Pampublikong Meeting Tungkol sa Aplikasyon para sa Permit ng Radius Recycling

**SINO:** Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area

**KAILAN:** Huwebes, Oktubre 10, 2024, mula 6 - 8 p.m.

**SAAN:** BayWell Health Center, 700 Adeline Street, Oakland, malapit sa West Oakland BART

Ang Schnitzer Steel Products Company ay dati nang nakatanggap ng Awtoridad sa Konstruksyon para sa karagdagang equipment sa abatement para makontrol ang mga emisyon mula sa isang dati nang metal shredder sa pasilidad nito sa Oakland. Nag-apply ang Radius Recycling para sa Permit na Magpatakbo para sa bagong equipment sa abatement, na may kasamang dalawang regenerative thermal oxidizer at dalawang packed bed scrubber. Para malaki ang maibawas sa mga emisyon ng organic compound at nakakalasong emisyon sa hangin ayon sa iniaatas ng Distrito ng Hangin, nag-e-emit ang mga thermal oxidizer ng kaunting nitrogen oxide, carbon monoxide, particulate matter, at sulfur dioxide.

Sinuri ng Distrito ng Hangin ang aplikasyon para sa permit ng iminumungkahing proyekto at gumawa ito ng paunang pasya na inaasahang susunod ang proyekto sa lahat ng naaangkop na regulasyon ng Distrito ng Hangin, estado, at pederal na nauugnay sa kalidad ng hangin, pati sa mga panganib sa kalusugan na dulot ng mga emisyon ng nakakalasong contaminant sa hangin. Ang paunang rekomendasyon ay mag-isyu ng permit para sa proyektong ito. Pagkatapos isaalang-alang ang lahat ng natanggap na komento, gagawa ng pinal na pasya ang Distrito ng Hangin.

May 30 araw ang publiko para sumagot sa suhestyong ito, na magsasara sa Oktubre 28. Kung gustong magkomento ng publiko sa iminumungkahing proyekto, puwede nila itong gawin sa pamamagitan ng pagsulat o email. O kaya, puwede rin silang tumawag at mag-iwan ng mensahe sa telepono na may habang hanggang isang minuto.

Para magkomento sa iminumungkahing proyekto sa pamamagitan ng koreo, email, o telepono:

Mailing address:
Schnitzer Steel Products Company (A/N #30009)
Public Notice Response
Air District - Engineering Division 375 Beale Street, Suite 600
San Francisco, CA 94105
Attn: Davis Zhu, dzhu@baaqmd.gov, 415-749-5059

Para sa higit pang impormasyon o tulong tungkol sa pampublikong meeting, makipag-ugnayan kay Azibuike Akaba sa 415-243-7261 o aakaba@baaqmd.gov.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proyektong ito, bumisita sa http://www.baaqmd.gov/permits/public-notices.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*